



How to give feedback Pinahahalagahan namin ang inyong Balik-puna

Filipino/
Tagalog

Serbisyong Pang-ugnayan sa Tagagamit (Consumer Liaison Service)

Narito kami upang makinig

Bilang isang pasyente, tagapag-alaga, o bisita, ang inyong balik-puna ay mahalaga dahil ito ang magbibigay kaalaman sa Women and Newborn Health Service (WNHS) kung ano ang gumagana ng maayos at kung aling lugar ang dapat pang pagbutihin. Ang Consumer Liaison Service (CLS) ay isang serbisyo sa inyo para sabihin sa amin kung ano ang inyong palagay.

Kung sa pakiwari ninyo na ang pangangalaga sa inyo ay humigit pa sa inyong inaasahan, mangyaring sabihin sa amin upang maiparating namin sa kawani na nag-alaga sa inyo na mahusay ang kanilang naging trabaho.

Sa pagbibigay alam sa kawani nang anumang problema habang nangyayari ito ay karaniwang nareresolba ang anumang mga problema. Kung kailangan ninyo ng tulong sa bagay na ito, maaari ninyong kontakin ang CLS.

Kumpidensyal ang mga reklamo at hindi makakaapekto sa inyong pangangalaga ang pagsasabi ngayon at sa hinaharap. Walang taning na oras sa amin para sa inyong balik-puna.

Mga paraan para sabihin sa amin ang nasa inyong isipan:

- ▶ Kausapin ang kawani na nag-aalaga sa inyo.
- ▶ Magpuno ng 'Thanks and Feedback' na porma na matatagpuan sa tabi ng mga suggestion box.
- ▶ Direktang kontakin ang CLS :
Consumer Liaison Service
King Edward Memorial Hospital PO
Box 134
Subiaco WA 6008
Telepono: (08) 6458 1444
Email: wnhscls@health.wa.gov.au
wnhs.health.wa.gov.au/Feedback
Online: at kemh.health.wa.gov.au

Mga oras ng opisina ay Lunes hanggang
Biyernes 8.30n.u hanggang 4.30 n.h.

Kung mas gusto ninyo ang suporta galing sa labas ng WNHS, matatawagan ang:

- ▶ Health Consumers' Council of WA (inc) sa 9221 3422 o Libreng tawag sa 1800 620 780
- ▶ Carers WA sa 1300 227 377
- ▶ People With Disabilities WA sa 9485 8900 (Perth) o Libreng tawag sa 1800 193 331 (Country).

Kung hindi kayo nasiyahan sa naging resulta ng inyong reklamo, matatawagan ninyo ang Health and Disability Services Complaints Office (HaDSCO) sa 6551 7600 o Libreng tawag sa 1800 813 583 (Country).

Itong opisinang ito ay nakapag-iimbestiga ng mga bagay na naganap sa loob ng nakaraang dalawang taon.

Ang WNHS ay sumusunod sa Australian Charter of Healthcare Rights.

Kabilang sa mga Karapatan ng Pasyente sa isang pampublikong ospital ng Western Australia ay:

- ▶ ang kagustuhang tumanggap ng mga libreng serbisyo ng pampublikong ospital
- ▶ pagpapagamot ayon sa inyong mga pangangailangan sa kalusugan
- ▶ makagamit sa hanay ng mga serbisyo ng pampublikong ospital
- ▶ makagamit ng isang taga-interpretre
- ▶ makapiling tumanggi na sumali sa pagsasanay o pananaliksik

- ▶ matrato nang may paggalang, dignidad at pagkapribado
- ▶ makapili na masasamahan ng Tagapag-alaga o tagasuporta
- ▶ tumatanggap ng ligtas at mataas na kalidad na pangkalusugang pangangalaga
- ▶ tumatanggap ng malinaw na paliwanag tungkol sa lahat ng pangangalaga at mga panganib
- ▶ makapili na makakuha ng pangalawang opinyon
- ▶ mabigyan ng impormasyon tungkol sa patuloy na pangangalaga bago lumabas ng ospital
- ▶ ma-access ang mga ulat ng klinika sa pamamagitan ng Freedom of Information Act 1992, at
- ▶ may kakayahang magpasalamat, magkomento o magreklamo tungkol sa natanggap na pangangalaga

Inu-una muna ang mga pasyente



May mahalagang ginagampanan ang mga pasyente at tagapag-alaga sa ligtas na paghahatid ng pangkalusugang pangangalaga.

Mayroon din kaming aktibong Community Advisory Council. Humingi ng polyeto o tawagan ang Consumer Liaison Service para sa karagdagang impormasyon sa pagbibigay sa kanila ng balik-puna.

Makukuha itong dokumento sa kapalit na mga pormat para sa taong may kapansan kung hihilingin.

